Paano Kumonekta sa isang Remote na Paglilitis ng Hukuman Na May Pagsasalin — *Dalawang Device*

PARA SAAN ANG GABAY NA ITO?

Nagbibigay-daan ang mga program sa videoconferencing na kumonekta sa iisang meeting mula sa anumang lokasyon sa pamamagitan ng video. Posibleng gumamit ang iyong hukuman ng teknolohiya sa videoconferencing para magsagawa ng mga paglilitis ng hukuman. Walang built-in na feature sa pagsasalin ang ilang program. Pero puwede ka pa ring kumonekta sa iyong interpreter gamit ang pangalawang device. Sasabihin sa iyo ng gabay na ito kung paano sumali sa iyong remote na paglilitis ng hukuman gamit ang isang platform sa videoconferencing sa isang device, habang gumagamit ng pangalawang device para matanggap ang pagsasalin.

1 PILIIN ANG IYONG MGA DEVICE

Para makakuha ng interpretation sa isang platform sa videoconferencing na walang built-in na feature sa pagsasalin, kakailanganin mo ng *dalawang device*.

Ang mga device na ito ay puwedeng isang computer at telepono, dalawang smartphone, tablet at smartphone, o anumang iba pang kumbinasyong nagbibigay-daan sa iyo na sumali sa virtual na paglilitis at makatanggap ng tawag mula sa interpreter.

2 SUMALI SA MEETING SA IYONG PANGUNAHING DEVICE

Sa petsa at oras ng iyong paglilitis sa hukuman, buksan ang natanggap mong imbitasyon ng meeting mula sa hukuman. Sumali sa meeting sa pamamagitan ng:

- pagpili sa link o button na “Join” sa imbitasyon ng meeting, o
- pagpunta sa website ng program sa videoconferencing at pagpili sa opsyong “Join”, o
- pagbubukas ng application ng platform sa videoconferencing kung na-download at na-install mo na ito sa iyong device at pagpili sa opsyong “Join”.

Puwede ring magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono.



Kung hindi mo pa na-download at na-install dati ang application ng platform sa videoconferencing sa iyong device, sundin ang anumang prompt para sumali sa pamamagitan ng web browser.

3

ILAGAY ANG MEETING ID AT PASSCODE

Depende sa kung paano ka sasali, posibleng kailanganin mong ilagay ang meeting ID na ibinigay sa iyo ng hukuman. Ilagay ang passcode kung mapo-prompt ka. (Ang impormasyong iyo ay nasa imbitasyon ng meeting na ipinadal ng hukuman.)

Kung na-prompt, tiyaking ilagay ang iyong buong pangalan para makilala ka ng hukuman.

Sundin ang anumang prompt para payagan ang program na i-access ang camera at mikropono ng iyong device.

4

TUMAWAG O TUMANGGAP NG TWAG MULA SA INTERPRETER O HUKUMAN SA IYONG PANGALAWANG DEVICE

Posibleng patawagin ka ng hukuman sa isang nakatalagang linya ng telepono. O kaya, posibleng makatanggap ka ng tawag mula sa interpreter. Tumawag o tumanggap ng tawag sa iyong pangalawang device.

Kung tatanggap ka ng tawag mula sa interpreter, posibleng makitang naka-block o pribado ang numero.

5

I-MUTE ANG IYONG SARILI SA ISANG DEVICE

I-mute ang pangalawang device na ginagamit mo para makatanggap ng pagsasalin, para nagsasalita ka lang sa platform sa videoconferencing. Bukod pa rito, i-mute ang iyong sarili sa pangunahing device, maliban na kung kinakausap mo ang hukuman.

Hanapin ang icon na mikropono sa toolbar ng platform sa videoconferencing o sa menu ng iyong telepono. Piliin ang icon para i-off o i-on ang mikropono. Tiyaking nananatiling naka-on ang camera.

PAANO KUNG MAYROON LANG AKONG ISANG DEVICE?

Kung mayroon ka lang isang device na available sa iyo (tablet o smartphone), posible ka pa ring sumali sa virtual na meeting at makatanggap ng pagsasalin. Narito kung paano:

1. I-download sa iyong tablet o smartphone ang mobile application ng platform sa videoconferencing.
2. Sumali sa virtual na paglilitis sa pamamagitan ng mobile application.
3. Mag-swipe sa o i-tap ang home button sa iyong device para makarating sa menu ng iyong telepono.
4. Magkaroon ng koneksyon sa telepono sa hukuman o sa interpreter sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong ibinigay ng hukuman o sa pamamagitan ng pagtanggap ng tawag mula sa interpreter.
5. Mag-swipe sa o i-tap ulit ang home button para umalis sa screen ng tawag sa telepono at bumalik sa home screen.
6. Buksan ang application ng platform para mag-view at makita ng mga kalahok sa hukuman.

Magkakaroon ka lang ng audio na koneksyon sa interpreter pero may video na koneksyon ka sa hukuman.